

# Programa ng Pang-Emerhensyang Tulong (ERP)

Tulong sa Pagbawi mula sa Sakuna para sa Producer ng Pangkalakal at Espesyal na Pananim



## Konteksto

Noong Setyembre 30, 2021, isinagawang batas ni Pangulong Biden ang Extending Government Funding and Delivering Emergency Assistance Act (Batas ng Pagpapahaba ng Panggobyernong Pagpoondo at Pagbibigay ng Pangkagipitang Tulong) (P.L. 117-43), na kasama ang \$10 bilyon na tulong sa mga pang-agrikulturang producer na naapektuhan ng sunog sa kagubatan, tagtuyo, bagyo, at iba pang kinikilalang sakunang naranasan noong taong 2020 at 2021. Ang Farm Service Agency (FSA o Ahensiya ng Serbisyong Pambukid) ay nagbigay ng pambayad din sa mga rantsero na naapektuhan ng tagtuyo at sunog sa kagubatan sa pamamagitan ng unang bahagi ng Emergency Livestock Relief Program (ELRP o Programang Pangkagipitang Pantulong sa Hayop). Ang ERP ay isa pang bahaging pantulong ng Act o Batas.

## Pangkalahatang Buod

Sinasakop ng ERP ang pagkawala sa mga pananim, puno, palumpong, at sanga dulot ng kaganapang natural na sakuna na nangyari noong 2020 at 2021. Para sa mga naapektuhang producer, magbibigay ang FSA ng pangkagipitang pantulong sa mga producer ng nakahilerang pananim at espesyal na pananim sa pamamagitan ng dalawang-yugtong proseso (two-phased process):

- Ang sisiguraduhing gagamitin ng unang yugto (Phase 1) bilang basehan sa pagkwenta sa unang pambayad ay ang datos mula sa Federal Crop Insurance or Noninsured Crop Disaster Assistance Program (NAP o Pampederal na Seguro sa Pananim o Programang Bigay-Tulong sa Nasalantang Walang-Segurong Pananim).
- Ang balak sa pangalawang yugto (Phase 2) ay sumalo sa mga dumagdag na agwat sa pantulong at sumalo sa mga kwalipikadong producer na hindi lumahok sa mga kasalukuyang programang pamamahala sa panganib (risk management programs).

Itong dalawang-yugtong paraan (two-phased approach) ay nagpapahintulot sa USDA na padaliin ang proseso sa aplikasyon upang mabawasan ang paghihirap sa mga producer, sinisiguradong isama ang mga producer na nabitin sa pagtanggap ng serbisyo dahil hindi sila nakasali sa mga nakaraang misyong pantulong (relief efforts) at hikayatin silang sumali sa mga kasalukuyang programang pamamahala sa panganib (risk management programs) na makakatulong sa mga producer na makipagsapalaran sa mga darating na malalang panahon.

## Kwalipikasyon – Yugto 1

Kabilang sa mga kwalipikadong pananim ang lahat ng pananim na sakop ng pampederal na seguro sa pananim (federal crop insurance) o nasasakupan sila ng NAP at nakatanggap sila ng pambayad mula sa NAP, maliban sa mga pananim na pagkain ng mga hayop. Kasama sa mga kwalipikadong natural sakuna ang mga sunog sa kagubatan, bagyong hurricane, baha, bagyong derecho, labis na kainitan, bagyong taglamig, paninigas sa lamig (kasama ang apolar vortex), paglanghap sa usok, labis na kahalumigmigan, kinikilalang tagtuyot, at mga iba pang kaugnay na kondisyon.

Para maging kwalipikado sa ERP, ang “kaugnay na kondisyon” ay mga nakakasirang panahon at masamang natural na kaganapan na sabay na nangyari at naging direktang resulta ng itinukoy na kwalipikadong sakuna. Kasama dito ang:

- Malakas na hangin bilang direktang resulta ng bagyong derecho;
- Mga bato at lumot na resulta ng pagbaha;
- Malakas na hangin, pagbaha, buhawi, bagyong tropikal kasama ang mga naging resulta ng bagyong hurricane; at
- Malakas na hangin at bagyong may niyebe na naging resulta ng bagyong taglamig.

Sa panahon ng tagtuyot, magagamit ang tulong ng ERP kung ang isang lugar sa loob ng county kung saan nagkaroon ng pagkawala ay namarkahan ng U.S. Drought Monitor (Ang sumusubaybay sa tagtuyot sa Estados Unidos) ay may tindi ng:

- D2 (malubhang tagtuyot) nang walong magkakasanod na linggo; o
- D3 (matinding tagtuyot) o mas mataas na antas ng tindi ng tagtuyot.

Makikita sa website ng pang-emerhensyang pantulong ang listahan ng mga naapektuhan ng tagtuyot na county na kwalipikado para sa ERP sa taong 2020 and 2021.

## Para sa Karagdagang Impormasyon

Karagdagang impormasyon sa pantulong sa sakuna ng USDA disaster assistance information ay makikita sa [farmers.gov](https://farmers.gov), ang **Disaster Assistance Discovery Tool** (Kasangkapang Panghanap ng Tulong sa Sakuna), **Disaster-at-a-Glance fact sheet** (papel ng impormasyon), at **Farm Loan Discovery Tool** (Kasangkapang panghanap ng Pang-Utang sa Pagsasaka).

Para sa mga programa ng FSA at Natural Resources Conservation Service (Serbisyong Konserbasyon ng Likas na Yaman), dapat kontakin ng mga producer ang pinakamalapit na **USDA Service Center**.

Para makakuha ng tulong sa pagtubos ng seguro sa pananim, dapat kontakin ng mga producer at may-ari ng lupa ang kanilang **crop insurance agent** (ahente sa seguro).



## Paano Makapag-Apply – Yugto 1

Upang mapadali ang paghahatid ng ERP Phase 1 benefits (Yugto 1 benepisyo); magpapadala ang FSA ng mga form sa aplikasyon sa mga producer na yung meron ng nakatala sa file na mayroon silang pangpananim na seguro at datos sa NAP dahil nakatanggap na sila ng bayad-pinsala mula sa pampanim na seguro o kabayaran ng NAP.

Kasama sa form na ito ang mga pangangailangan para sa kwalipikasyon, ibinubuod ang proseso ng aplikasyon, at ibinabahagi ang impormasyon sa kabayaran ng ERP.

Ang mga producer ay tatanggap ng hiwalay na form sa aplikasyon para sa bawat taon ng programa. Ang pagtanggap ng form sa aplikasyon ay hindi kumpirmasyon na ang isang producer ay kwalipikadong makatanggap ng ERP Yugto 1 na kabayaran.

Kakailanganing kumpletuhin, pirmahan, at ibalik ng mga producer ang mga form ng aplikasyon sa ERP Yugto 1 sa kanilang pinakamalapit na opisina ng FSA sa kanilang county.

Ang mga producer ay dapat ding nakapagbigay ng mga sumusunod na form para sa file ng FSA sa loob ng sinabing huling araw ng pagsumite na itinukoy ng Kinatawan na Tagapangasiwa ng Programang Pananim:

- Form AD-2047, Pang-Datos na Worksheet ng Parokyan
- Form CCC-902, Plano sa pagpapatakbo ng Bukid para sa indibidwal o legal na organisasyon
- Form CCC-901, Pang-Miyembrong Impormasyon para sa mga Legal na Organisasyon (kung angkop)
- Proteksyon ng lupain na madaling maagnas (minsan tinatawag na HELC) at sertipikasyon sa proteksyon ng latian (Form AD-1026 Highly Erodible Land Conservation (HELC) [o Mataas na Tsansa ng Pag-aagnas] at Wetland Conservation (WC) Certification [o Sertipikasyon sa Proteksyon ng Latian]) para sa ERP at angkop na kaakibat.

Ang karamihan ng producer, lalo na yung mga kamakailang lumahok sa mga programa ng FSA ay maaaring naka-file na ang kanilang kinakailangang mga dokumento. Subalit, kung kayo ay nag-aalangan o gusto ninyong manigurado, tawagan ninyo ang inyong **lokal na opisina ng FSA sa inyong county**.

Bukod sa mga nakalintang dokumento, may ilang producer na dapat ding magsumite ng sumusunod na mga form para maging kwalipikado para tumaas ang limitasyon ng kabayaran o presyo ng kabayaran.

- Form FSA-510, Paghiling ng Eksepsiyon sa \$125,000 Kabayaran na Limitasyon para sa mga Tiyak na Programa.
- Form CCC-860, Pagkadehado sa Lipunan, Kakulangan sa Mapagkukunan, Sertipikasyon ng Baguhan at Beteranong Magsasaka o Ranchero, para sa angkop na taon ng programa.

## Paano Ikwenta ng Kabayaran – Yugto 1

ERP Yugto 1 na kabayaran para sa mga pampananim na seguro ay gagawing prorated ng 75 porsiyento para mapanigurado na ang kabuuang ERP na kabayaran, kasama ang kabayaran sa ilalim ng ERP Yugto 2, ay hindi lalagpas sa magagamit na pondo. Ang ERP Yugto 1 na kabayaran para sa NAP-sakop na pananim ay hindi prorated (unti-unti na pagbigay) dahil sa mas maliit na NAP puhunan na kaya lang sumakop sa mas maliit na sukot ng lupain at mga espesyal na pananim nan hindi sakop ng pampananim na seguro.

Ang RMA and FSA ay magkakalkula ng kabayaran ng ERP Yugto 1 base sa datos na nakatala sa mga ahensiya sa panahon ng pagkakalkula.



Ang pagkalkula ng kabayaran ng ERP Yugto 1 para sa pananim at yunit ay umaasa sa uri at antas ng saklaw na kinuha ng producer. Kakalkulahin ng RMA at FSA ang kadalasang pagkawala ng bawat producer sa proseso sa pagkawala sa bawat saklaw na binili ngunit ginamit ang ERP factor sa halip ng antas ng saklaw. Itong kinakulangang presyo ay isaaayos sa pamamagitan ng pagbawas ng netong pambayad ng pangseguro sa pananim o pambayad sa NAP na natanggap na para sa mga pagkawalang iyon na binawasan na ng kabayaran sa serbisyo at prima.

## ERP Mesang Pambatayan

Ang ERP mesang pambatayan ay makikita sa ibaba at sa website ng pang-emerhensiyang tulong:

Antas ng Seguro sa Pananim	ERP Factor (Percent)
Saklaw ng Kapamahakan	75
Higit sa saklaw ng kapamahakan pero mas mababa sa 55 porsiyento	80
Hindi bababa sa 55 porsiyento pero mas mababa sa 60 porsiyento	82.5
Hindi bababa sa 60 porsiyento pero mas mababa sa 65 porsiyento	85
Hindi bababa sa 65 porsiyento pero mas mababa sa 70 porsiyento	87.5
Hindi bababa sa 70 porsiyento pero mas mababa sa 75 porsiyento	90
Hindi bababa sa 75 porsiyento pero mas mababa sa 80 porsiyento	92.5
Hindi bababa sa 80 porsiyento	95

NAP Antas ng Saklaw	ERP Factor (Percent)
Saklaw ng kapamahakan	75
50 porsiyento	80
55 porsiyento	85
60 porsiyento	90
65 porsiyento	95

Dahil ang presyo ng pagkawala na dulot ng kwalipikadong kaganapan ng sakuna sa mga taong 2020 at 2021 ay hindi maaaring ihiwalay mula sa presyo ng pagkawala na dulot ng ibang kwalipikadong dahilan ng pagkawala bilang itinukoy ng segurong pampananim o patakaran ng NAP, ang ERP Yugto 1 na kabayaran ay ikakalkulka base sa pagkawala ng producer dulot ng lahat na kwalipikadong dahilan ng pagkawala.

### Mga Kinulangan sa Serbisyong Producer sa Kasaysayan

Ang porsiyento ng kabayaran ng ERP para sa kinulangan sa serbisyong producer, kasama ang kaunahang, limitadong mapagkukunan, dehado sa lipunan at beteranong magsasaka at ranchero ay itataas ang 15% ng kinalulang kabayaran.

Para matanggap para sa porsiyento ng mas mataas na kabayaran, ang kwalipikadong producer ay dapat may CCC-860, Dehado sa Lipunan, Kakulangan sa Mapagkukunan, Baguhan at Beteranong Magsasaka o Sertipikasyon ng Rancho, nakatalalang dokumento sa FSA para sa kwalipikadong taon ng programa.

### Limitasyon sa Kabayaran at Isinaayos na Kabuuang Kita

Ang limitasyon sa kabayaran para sa ERP Yugto 1 ay tinutukoy ng karaniwang kabuuang kita sa pananim (kita mula sa aktibidad na kaugnay sa pagsasaka, pagranchero, o pagtatanim) ng isang tao o ligal na entidad. Ang isang tao o ligal na entidad maliban sa pagsanib puwersa o buong pakikipagsosyo, ay hindi makatanggap ng direkta o hindi direkta, higit pa sa \$125,000 sa kabayaran para sa mga espesyal na pananim at \$125,000 sa kabayaran para sa lahat ng pananim sa ilalim ng ERP (para sa pinagsamang Yugto 1 at Yugto 2) para sa taon ng programa kung ang kanilang karaniwang isinaayos na kabuuang kita (average adjusted gross o AGI) sa pagsasaka ay mas mababa sa 75 porsiyento ng kanilang karaniwang AGI sa tatlong mabubuwis na taon bago ng pinakamalapit na buong taong sakop ng buwis (tax year).



Kung ang kahit 75% ng karaniwang AGI ng isang tao o ligal na entidad ay magmumula sa aktibidad na pagsasaka, pagranchero, o pagtatanim at ang kalahok ay makakapagbigay ng kinakailangang sertipikasyon at dokumento, tulad ng nakatukoy sa ibaba, itong tao o ligal na entidad, maliban sa pagsasanib ng puwersa o buong pakikipagsosyo, ay kwalipikadong makatanggap ng direkta o hindi direkta, hanggang:

- \$900,000 para sa bawat taon ng programa para sa espesyal na pananim; at
- \$250,000 para sa bawat taon ng programa para sa ibang pananim

Ang may kaugnayang taong sakop ng buwis para makilala ang karaniwang kabuuang kita (AGI) ng producer at ang porsiyentong makukuha mula sa pagsasaka, pagranchero, o aktibidad na kaugnay sa pagtatanim ay:

- 2016, 2017, at 2018 para sa programa ng taong 2020;
- 2017, 2018, at 2019 para sa programa ng taong 2021; at
- 2018, 2019, at 2020 para sa programa ng taong 2022

Para makahingi ng pagtaas ng limitasyon sa kabayaran, ang mga kalahok ay dapat mag-file ng form FSA-510 kasama ang sertipikasyon ng kalahok na ang kanilang karaniwang kabuuang kita sa pagsasaka ay hindi bababa sa 75% na kanilang karaniwang AGI at ang sertipikasyon mula sa isang lisensyadong akawntang (Licensed Certified Public Accountant o CPA) o abogado para matugunan ng kalahok ang mga kinakailangan. Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa website ng Payment Eligibility and Payment Limitations (Kwalipikasyon at Limitasyon sa Kabayaran).

### Mga Hinaharap na Kakailanganin para sa Saklaw ng Seguro

Ang lahat ng producer na tumatanggap ng ng ERP Yugto 1 na kabayaran, kabilang ang tumatanggap ng kabayaran base sa patakaran sa seguro ng puno, palumpong, o tanglad, ay kinakailangang bumili ng seguro para sa pananim, o saklaw ng NAP kung hindi makakakuha ng seguro sa pananim, para sa susunod na dalawang taon para sa pananim, alinsunod sa itinukoy ng Kalihim. Ang mga kalahok ay dapat kumuha ng seguro sa pananim o NAP, kung ano ang mas angkop:

- Sa antas ng saklaw na katumbas o mas mataas sa 60% para pananim na sakop ng seguro; o
- Sa antas ng kapamahakan o mas mataas para sa pananim ng NAP Ang kinakailangan para sa saklaw ay itutukoy mula sa petsa na nakatanggap ang producer ng ERP na kabayaran at pwedeng mag-iba

depende sa tiyempo at kung kailan magagamit ang seguro sa pananim o NAP para sa partikular na pananim ng isang producer. Ang huling taon ng pananim na makakabili ng seguro sa pananim o saklaw ng NAP para makatugon sa pangalawang taon ng saklaw para sa pangangailangang ito ay ang pampanim na taong 2026.

### Pang-Emerhensyang Tulong– Yugto 2 (Producer ng Pananim at Hayop)

Ang pangalawang yugto ng parehong pananim (ERP) at hayop (ELRP) na programa ay pupuno sa mga agwat at sasalo sa mga producer na hindi lumahok o nakatanggap ng kabayaran mula sa mga kasalukuyang programang sinusulit para sa pagpapatupad ng Yugto 1.

Ang lahat ng impormasyon at mapagkukunan ng ERP ay makikita sa website ng pang-emerhensyang tulong habang magagamit ang mga Yugto 2 patakaran at probisyon.